Maligayang Pagdating sa Brampton Transit

Ang Brampton Transit ay isang bayad muna, bago sakay na sistema ng sakayan na nagbibigay serbisyo sa buong lungsod at mga koneksyon sa mga nakapaligid na lugar.

Follow us on Twitter @BTZum

Like us on Facebook: BTZum

Ang eRide

eRide Plan online. Anytime.

Ang mga ruta at iskedyul ng mga bus ay kasalukuyang magagamit **sa Ingles**, sa **eRide, ang online planner ng biyahe ng Brampton Transit na kumalap na ng mga parangal. Gamit ang mga interaktibong mapa at mga lugar na pupuntahan na madaling gamitin, pwede mo ng planuhin ang iyong biyahe sa loob lamang ng ilang segundo.**

Ganito ito gamitin:

- Bisitahin ang **www.bramptontransit.com** at **mag-click sa eRide**.
- **Ilagay ang lugar kung saan ka manggagaling.** Maaaring ito ang iyong address, palatandaan ng lungsod o anumang krosing.
- **Ilagay ang lugar na pupuntahan.**
- **Piliin ang petsa at oras ng iyong biyahe.**
- **Piliin ang mga opsiyon mo sa pagbiyahe,** tulad ng pinakamabilis na biyahe o ruta ng paaralan.
- **I-click ang Ipakita ang Plano ng Biyahe.**

Sa loob ng ilang segundo, ay ipapakita ang isang detalyadong itineraryo ng biyahe at patungo ka na sa pagpunta sa kabilang bahagi ng lungsod. Maaari mo ring tingnan ang bawat isang talaan sa pamamagitan ng pag-click sa **Tingnan ang Iskedyul** na tab sa itaas ng pahina.

Impormasyon sa Kasunod na Bus

Ang napapanahong impormasyon tungkol sa kasunod na bus ay makukuha na ngayon online, sa email at sa telepono. Alamin kung kailan darating ang iyong bus sa hintuan ng bus gamit ang apat na numero para dito – heto ang paraan.

Online

Bisitahin ang www.bramptontransit.com at mag-click sa **Kasunod na Biyahe**.

a) Ilagay ang iyong apat na numero para sa hintuan ng bus para makita ang mga oras ng pagdating ng mga kasunod na bus sa iyong hintuan. Kung hindi mo alam ang iyong apat na numero para sa hintuan ng bus, maaari mo itong hanapin sa pamamagitan ng pagpili ng **Hanapin Batay sa Ruta** o **Hanapin Batay sa Address na** tab.

b) Kung mayroon kang smart phone, i-bookmark mo ang mobile na site para mabilis mong mapuntahan ito habang ikaw ay nasa labas: nextride@brampton.ca.

Email

Magpadala ng isang email kasama ang iyong apat na numero para sa hintuan ng bus sa loob ng katawan ng email sa nextride@brampton.ca. Makakatanggap ka ng sagot kung saan nakalagay doon ang mga oras kung kalian uli titigil ang isang bus sa hintuan.

Telepono

Tumawag sa 905.874.2999 at sundin ang mga instruksyon. Ilagay ang iyong apat na numero para sa hintuan ng bus at maririnig ang mga oras ng pagdating ng kasunod na bus sa iyong hintuan.

Serbisyong Pang-kostumer

Maaari kang makipag-usap sa isang kinatawan ng aming sentro ng tawagan sa pamamagitan ng pagtawag sa 905.874.2999 at pagpindot sa 4. Kapag tumatawag para humingi ng tulong, **mangyaring sabihin ang wika mo sa Ingles** at isang tagapagsalin sa ibang wika ang itatalaga sa iyo. Ang tagasaling-wika ay mapakikinabangan mo nang libre. Mangyari lamang na manatili sa linya habang iniuugnay sa tagasaling-wika.

Pakitandaan: Maaari lamang kaming magbigay ng impormasyon na may kaugnayan sa pagbibiyahe sa loob ng Brampton sa Brampton Transit.

Züm

Ipinakilala noong 2010, ang Züm ay ang bagong Bus Rapid Transit (BRT) na serbisyo ng Brampton Transit. Ang Züm ay isang maaasahang, limitadong-hintuan na serbisyo buong araw na gumagana ng maayos kasama ng aming mga karaniwang bus. Pinapahusay nito ang kalidad ng pangkalahatang serbisyo, na nagbibigay ng mas mabuting pagkakaugnay para sa mga nakatira sa loob ng Brampton at sa buong Greater Toronto Area

(GTA) na may diretsong koneksyon sa York Region, Mississauga at Toronto. Kahit na ang Züm ay isang natatanging karagdagan sa Brampton Transit, ang operasyon na ito ay hindi hiwalay. Ang ibig nitong sabihin ay maaari mong gamitin ang dalawang serbisyo ng walang kahirap-hirap at, mas mahalaga, nang walang karagdagang gastos.

Pamasahe

Ang mga pasahero ay pinapakiusapang ihanda na ang kanilang pamasahe sa oras ng pagsakay. Ito ay maaaring pamasahe na pera, mga tiket, mga pases at/o PRESTO. Ang lahat ng mga pamasahe kasama na ang mga tiket, mga pases at mga PRESTO na kard ay mabibili sa apat na terminal ng Brampton Transit at/o sa iba't-ibang mga ahente ng tiket na matatagpuan sa buong lungsod.

Ang PRESTO ay isang makabago, electronic na sistema ng pamasahe na hinahayaan kang magpalipat-lipat sa mga sistema ng sakayan ng walang kahirap-hirap. Lagyan ng pera (tinatawag na e-purse) o ng iyong lingguhan o buwanang pases diretso sa kard at hindi kailanman mag-aalala tungkol sa pagkawala ng iyong mga tiket, mga pases o paglipat kailanman, nakatago itong lahat sa kard! Ang mga kostumer na nagparehistro ng kanilang mga kard ay makikinabang rin. Kung ang iyong kard ay nawala o ninakaw, puwede itong palitan, at maibabalik ang balanse. Ang PRESTO ay makukuha sa bawat bus ng Brampton Transit.

Mga Paglipat

Habang nagbabayad ng iyong pamasahe, humiling ng paglipat mula sa tagapangasiwa at mabibigyan ka ng karapatang maglakbay ng walang hanggan sa loob ng tagal ng paglipat. Ang mga paglipat ay lilipas dalawang oras mula sa oras ng pag-isyu nito.

- Ang Brampton Transit ay tatanggap ng mga paglipat mula sa mga sumusunod na tagapagbigay ng mga serbisyong sakayan mula sa anumang lugar, kung mayroon lamang natitirang oras sa paglipat:
  - MiWay
  - YRT/VIVA
  - Oakville Transit
  - Burlington Transit
  - Hamilton Street Railway
  - Durham Region Transit
  - TTC – Zone 3 punched transfer ONLY

Kung ikaw ay gumagamit ng isang PRESTO na kard, hindi mo na kailangang tanungin ang tagapangasiwa ng bus para sa paglipat, nakalagay na kaagad ito sa kard, na nagpapahintulot sa iyong magbiyahe ng dalawang oras mula sa oras ng pag-isyu nito.

Mga Tala:

- Hustong bayad ang kailangan para sa mga pamasahe na pera.
- Kung maaari sana nandoon na kayo sa hintuan ng bus ng kahit mas maaga ng 5 minuto.
- Ang mga paglipat ay dapat hilingin bago sumakay sa bus, hindi habang nasa ruta na.

Ang lahat ng mga oras ay ang mga nakatalang mga oras lamang. Ang mga aktwal na oras ay pwedeng mag-iba dahil sa trapiko at kalagayan ng panahon. Ang Brampton Transit ay hindi mananagot sa anumang pagkawala, pagkasira o abala dahil sa pagkukulang sa pagpapaandar o kahihinatnan ng anumang mga pagkaantala.

Alam Mo Ba?

Ang mga bus ng Brampton Transit ay gumagamit ng biodiesel; isang renewabl energy source na hindi nakakasama sa kapaligiran.

Ang isang buong transit bus ay nakakapagbawas ng 40 sasakyan sa daan tuwing rush hour, at nakakapagtipid ng 70,000 litro ng gasolina habang binabawasan ang mga nakakadumi sa hangin ng 9 tonelada bawat taon.